CITY OF LONG BEACH

PRESS RELEASE

PAMPUBLIKONG PAUNAWA

Hunyo 24, 2020
Pakikipag-ugnay: Sentro ng Pinagsamang Impormasyon ng Lungsod ng Long Beach, 562.570.NEWS, jic@longbeach.gov

Para sa Agarang Pahayag

Magpapamahagi ang Lungsod ng Mas Maraming Libreng Shield ng Mukha sa mga Bar, Restawran, at mga Establisimyento ng Pangangalagang Personal sa Long Beach

Long Beach, CA - Ang Lungsod ng Long Beach ay magpapamahagi ng mas maraming shield sa mukha sa mga bar, restawran, at mga negosyo ng pangangalagang personal na naka-base sa Long Beach sa isang pagsisikap na magbigay ng kinakailangang kagamitan sa kaligtasan para sa mga negosyong hindi maaaring magkaroon ng agarang pag-access sa ligtas na pagbubukas ng sa mga darating na araw.

Ang binagong Utos sa Kalusugan, na naging epektibo noong Hunyo 19, ay nangangailangan sa mga patron ng bar at winery na magsuot ng panakip ng mukha kapag pumapasok sa pasilidad o gumagalaw sa loob ng pasilidad at nangangailangan ng mga bartender at/o mga server na magsuot ng panakip ng mukha at shield ng mukha para sa proteksyon kapag naglilingkod sa mga kustomer na hindi nakasuot ng mga panakip ng mukha. Ang mga server sa mga restawran na pang-dine-in ay kinakailangang magsuot ng parehong telang panakip at shield ng mukha, upang mapalaki ng labis ang proteksyon para sa parehong mga empleyado at mga patron.

Bilang karagdagan, sa Hunyo 26, maraming mga establisimyento ng pangangalagang personal ay papayagan na magbukas muli. Base sa paparating na Utos ng Kalusugan, ang mga shield ng mukha ay kinakailangan ding isuot ng mga manggagawa kapag nagbibigay ng serbisyo sa pangangalagang personal sa mga kustomer at nangangailangan ang pagtanggal ng panakip ng mukha ng kliyente upang kumpletuhin ang serbisyo.

CITY OF LONG BEACH

PRESS RELEASE

Ang mga kinatawan ng bar, restawran at establisimyento ng pangangalagang personal ay maaaring mag-pickup ng mga shield ng mukha sa paradahan ng Himpilan ng Kagawaran ng Apoy ng Long Beach na matatagpuan sa 3205 Lakewood Blvd. Ang mga shield ay limitado sa 20 bawat establisimyento, at ibibigay sa unang makarating hanggang maubos ang mga suplay. Ang mga kinatawan ay kailangang magbigay ng kanilang pangalan at pangalan ng negosyo.

Ang mga shield ay maaaring i-pick up sa mga sumusunod na araw at oras:

- Miyerkules, Hunyo 24, mula 2 p.m. hanggang 4 p.m.
- Biyernes, Hunyo 26, mula 2 p.m. hanggang 4 p.m.
- Miyerkules, Hulyo 1, mula 2 p.m. hanggang 4 p.m.

Sinimulan ng Lungsod ang pamamahagi ng mga libreng mga shield ng mukha sa mga negosyong naka-base sa Long Beach noong Mayo, at hanggang ngayon, ay nakapagbigay ng 6,300 na mga shield.

Mga katanungan sa media ay maaaring idirekta sa Sentro ng Pinagsamang Impormasyon ng Lungsod ng Long Beach, 562.570.NEWS (6397), jic@longbeach.gov.

Para sa pinakabagong impormasyon sa COVID-19, at mga detalye sa lahat ng ginagawa ng Lungsod ng Long Beach upang mapanatiling ligtas ang kanilang mga residente, bumisita sa: longbeach.gov/COVID19 at sundan ang @LongBeachCity sa Facebook, Twitter at Instagram.

###